


1

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1:
Pagkilala sa Sarili



Edukasyon sa Pagpapakatao – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Pagkilala sa Sarili
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Fritzi A. Ramos
Editor: Glaffy B. Cureg
Tagasuri: Eva O. Dela Cruz, Richard Ponthagban
Tagaguhit: Jay-ar A. Ulep
Tagalapat: Jay-ar A. Ulep
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Samuel P. Lazam
Emelyn L. Talaue

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1:
Pagkilala sa Sarili

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito. Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahan na lubos na nakikila ang sariling:





- gusto
- interes
- potensyal
- kahinaan
- damdamin/ emosyon

(EsP1PKP- Ia-b-1)



Subukin

Panuto: Sa iyong sagutang papel o kuwaderno, gumuhit ng masayang mukha 😊 sa bilang ng larawan na nagpapakita ng iyong interes o gustong gawin at malungkot na mukha ☹️ naman kung hindi mo gusto.



Pagkilala sa Sarili


Gaano mo nga ba kakilala ang iyong sarili? Sa araw-araw na iyong buhay mula ng ikaw ay nagkamulat sa mundong ito, lubos mo na nga bang kilala ang iyong sarili?

Ang pagkilala sa sarili ay napakahalagang bagay na dapat mong taglay. Dahil dito mas nalalaman mo ang mga bagay na iyong gusto at kinahihiligang gawin. Sa pagkilala sa sarili, malalaman mo rin ang mga bagay na kaya at hindi mo kayang gawin. Dito mo makikita ang mga dapat mong paunlarin para sa iyong sarili.



Balikan

Masdan mo ang mga larawan sa ibaba. Ilarawan ang bawat bilang.



Gamit ang mga larawan, sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang ginagawa ng bawat bata sa larawan?
2. Alin sa mga larawan ang gusto o nais mong gawin?



Tuklasin

Basahin at unawain ang maikling kuwento.

Mahusay!

(ni: Fritzi A. Ramos)

Sa silid-aralan inatasan ni Ginang Ramos ang bawat pangkat sa kaniyang klase na ipamalas ang kanilang kakayahan sa iba't ibang larangan tulad ng pag-arte, pagguhit, pag-awit at pagsayaw.

Ang pangkat ni Bela ang nagpakitang gilás sa pagsasayaw habang umawit naman ang pangkat ni Robin. Ipinakita naman ng pangkat ni Romel ang kanilang malikhaing guhit samantalang mahusay namang umarte ang pangkat ni Rina. Tuwang-tuwa silang nagpakita ng kanilang kakayahan.

Masayang-masaya naman ang kanilang guro sa husay na kanilang ipinakita.

Panuto: Sagutin sa iyong kuwaderno ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang iniatas na gawain sa mga mag-aaral sa kuwento?
2. Ano-anong kakayahan ang ipinamalas ng bawat pangkat?
3. Kaninong mga pangkat ang nagpamalas ng pagguhit at pag-awit?
4. Anong kakayahan ang ipinamalas ng pangkat ni Bela?
5. Ano ang naramdaman ng mga mag-aaral sa kanilang ipinakita?




Suriin

Ang pagkilala at pagtukoy sa mga bagay na gusto, interes, at mga bagay na kaya at hindi mo kayang gawin ay mga mahahalagang paraan na nakatutulong upang maunawaan at makilala ang sarili.

Bilang bahagi ng pagkilala sa sarili, bigyan ng halaga din ang pagkilala sa iyong ugali.

Sa isang buong papel, suriin ang ugaling taglay.





Pagyamanin

I. Basahin ang sumusunod na tanong. Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang hanay. Gawin ito sa papel.

Tanong	OO	HINDI
1. Alam ng iyong kaklase na mahusay kang gumuhit kaya naman ikaw ay nilapitan para magpatulong. Tutulungan mo ba siya?		
2. Magkakaroon ng paligsahan sa pag-awit at mahusay ka dito, sasali ka ba?		
3. Magaling ka pagdating sa sayawan, magtuturo ka lang ba?		
4. May talento ka rin sa pag-arte kaya inanyayahan kang mag-audition, susubukan mo ba?		
5. Ikaw ang napili sa inyong paaralan na sumali sa pagbigkas ng tula, tatanggihan mo ba?		




Isaisip

Mahalaga ang pagkilala sa sarili dahil dito mo mas nalalaman ang mga bagay na iyong hilig at gustong gawin. Dito mo rin mapapatunayan na may mga bagay o gawain na kaya at hindi mo kayang gawin na dapat mong paunlarin. Gayundin ang mga ugali o damdamin dapat mas pauunlarin, o kaya ay dapat na baguhin.




Isagawa

1. Sa isang bondpaper, gumuhit ng isang malaking bituin. Sa loob nito iguhit ang iyong natatanging kakayahan. Sa ibaba ng bituin, isulat kung paano mo ipapamalas o gagamitin ang iyong natatanging kakayahan.



2. Gumuhit ng isang malaking bilog sa isang bondpaper. Sa loob nito, iguhit ang iyong kahinaan na gusto mong paunlarin. Sa ibaba nito, isulat kung paano mo ito paghuhusayin.





Tayahin

Panuto: Ilagay sa iyong kuwaderno ang tsek (✓) kung ikaw ay sumasang-ayon sa isinasaad sa bawat pangungusap, at ekis (x) kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____ 1. Laging sumasali si Karen sa paligsahan kahit alam niya na mas mahusay ang kaniyang mga katunggali.

- _____ 2. Mahiyain si Ana, kaya naman kahit alam niya na siya ang pinakamahusay sa pagtula ay hindi siya kusang sumasali.

- _____ 3. Kahit sanay na sa pagguhit, nakikinig pa rin ng mabuti si Rica sa payo ng kaniyang mga magulang tungkol sa mga paraan ng pagguhit.

- _____ 4. Hindi nagdadalawang-isip si Carlo na tulungan at turuan ang kaniyang mga kaklase pagdating sa pagtugtog ng gitara.

- _____ 5. Mahusay si Roy sa basketball ngunit kung minsan ay nagpapakita siya ng kayabangan.



Karagdagang Gawain

Iguhit at kumpletuhin ang hinihinging impormasyon sa salamin sa ibaba na nahati sa apat na bahagi. Gawin ito gamit ang bondpaper.

"AKO ITO"	
Paborito ko ito.	Dito ako magaling.
Ito ang lagi kong nararamdaman.	Hindi ko ito alam.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tuklasin</p> <p>1. Inatasan ang mga mag-aral na magpamalalas ng kanilang mga kakaayahan</p> <p>2. pagsasayaw, pag-awit, pagguhit at pag-arte</p> <p>3. pangkat ni robin-pag-awit pangkat ni Romeo-pagguhit</p> <p>4. ang ang pangkat ni Bela ay nagpamalalas ng galing sa pagsasayaw.</p> <p>5. Tuwang tuwa silang nagpakita ng kanilang kakaayahan</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. /</p> <p>2. X</p> <p>3. /</p> <p>4. /</p> <p>5. X</p>	<p>Pagyamanin</p> <p>1. 00</p> <p>2. 00</p> <p>3. hindi</p> <p>4. 00</p> <p>5. hindi</p>
------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	----------------------------------------------------------------------------	------------------------------------------------------------------------------------------

Sanggunian

- Curriculum Guide 2016

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph